



MGA SIMPLENG KATOTOHANAN TUNGKOL SA Ang Mahalagang Plano

Paano ba ako magpapatala?

- 🖱️ nystateofhealth.ny.gov
- ☎️ 1-855-355-5777 o TTY: 1-800-662-1220
- 👤 Sa pamamagitan ng libreng personal na tulong mula sa isang certified assistor na malapit sa iyong bahay o trabaho.

Matutulungan mo ba ako sa aking sariling wika?

May makukuhang tulong sa iyong wika sa pamamagitan ng telepono at sa personal.

Kailan ba ako maaaring magpapatala?

Ang pagpapatala para sa Mahalagang Plano ay bukas buong taon.

Sinusunod ng NY State of Health ang mga umiiral na mga batas pederal at pang-estado sa mga karapatang sibil, at hindi nagtatangi-tangi batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, paniniwala/ relihiyon, kasarian, edad, katayuang sibil, record ng pagkaka-aresto, (mga) kriminal na pagkakasakdal, kinikilalang kasarian, oryentasyong sekswal, mga nakatataling genetic na katangian, status bilang militar, status bilang biktima ng karahasan sa tahanan at/o paghihiganti.

Ano ba ang Mahalagang Plano?

Isang health plan para sa mga tag-New York. Lubhang mas mura ang halaga nito kaysa ibang planong pangkalusugan. At naghahandog ito ng kaparehong mahalagang benepisyo.

Sino ba ang maaaring bumili nito?

Mga taong may mababang-kita na hindi karapat-dapat para sa Medicaid o Child Health Plus.

Laki ng sambahayan	Pinakamalaking makukuha mo
1	\$24,280
2	\$32,920
3	\$41,560
4	\$50,200

Magkano ba ang halaga nito?

Alinman sa \$20 sa isang buwan para sa bawat tao – wala pang isang dolyar sa isang araw o WALA TALAGA.

Paano ba ako makatitipid dito?

Ito ay WALANG KINAKALTAS, kaya ang plano ay kaagad nagsisimulang magbayad para sa pangangalaga ng iyong kalusugan.

Nakakukuha ka ng LIBRENG PREBENTIBONG PANGANGALAGA tulad ng mga regular na iksamin at pagsusuri ng doktor upang mapanatili kang malusog.

Ano ba ang sinasaklaw ang Mahalagang Plano?

Mga kaparehong serbisyo na saklaw ng ibang plano:

- mga pagbisita sa doktor, kabilang ang mga espesyalista
- mga pagsusuri na iniutos ng iyong doktor
- de-resetang gamot
- pangangalaga ng ospital para sa mga pasyenteng namamalagi at hindi namamalagi sa ospital